

▪ *Prepasyo ng Banal na Santatlo.*

ANTIPONA SA KOMUNYON • *Ps 103:13-15*

DE fructu óperum tuórum,
Dómine, satiábitur terra: ut
edúcas panem de terra, et vinum
lætíficet cor hóminis: ut exhíla-
ret fáciem in óleo, et panis cor
hóminis confirmet.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

VIVIFICET, nos, quæsumus,
Dómine, huius participatio
sancta mystérii: et páriter nobis
expiatióem tríbuat et
múnimen. Per Dóminum.

PUSPOS ang sandaigdigan ng mga bunga ng
Iyong gawa, Poong Mahal: mula sa lupa'y
nagmumula ang tinapay, at ang alak nama'y
para sa ikaliligaya ng mga tao: ang langis upang
paliwanagin ang kanyang mukha, at tinapay
upang palakasin ang puso ng tao.

PAMALAGIIN mo sana kaming buhay,
hinihiling namin, Panginoon, pakundangan sa
banal na pakikinabang ng misteriong ito, at
dulutan nawa kami nito ng Iyong kapatawaran
at pagkupkop. Alang-alang sa Anak Mo, si
Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKALABINDALAWANG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Deus, in adiutorium”

• *II cl.* • *Semidoble* • *Luntian*

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Ps 69:2-3*

DEUS, in adiutórium meum
inténde: Dómine, ad
adiuvándum me festína:
confundántur et revereántur
inimíci mei, qui quærunt
ánimam meam. — *Ps 69:4*
Avertántur retrórsus et
erubéscant: qui cógitant mihi
mala. *V.* Gloria Patri. Deus.

O DIOS, pumarito ka po at agad ako'y
tulungan: Panginoon, magmadali ka po at ako
nga'y Iyong damayan. Hayaan Mo pong
mapahiya at malito ang mga tumutugis sa aking
buhay! — *Salmo 69:4* Nawa'y bumalik sila't
umatras dahil sa kahihyan, silang mga nais
pumatay sa akin. *V.* Luwalhati sa Ama. — O
Dios...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

OMNIPOTENS et miséricors
Deus, de cuius múnere venit, ut
tibi a fidélibus tuis digne et
laudabíliter serviátur: tríbue,
quæsumus, nobis; ut ad
promissiónes tuas sine
offensióne currámus. Per
Dominum.

MAKAPANGYARIHAN at mahabaging Dios,
pakundangan sa Iyong kaloob, nagbibigay Ka
ng lakas at sigla sa mga binyagan upang
paglingkuran ka nilang ganap at tapat:
ipagkaloob mo nawang makamit namin ang
Iyong mga ipinangako nang walang sagabal.
Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • *2 Cor 3:4-9*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

MGA KAPATID: Kami ay may pagtitiwala sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo.
Kung sa aming sarili lamang, wala kaming kakayahang gawin ito; subalit ang
aming kakayahan ay kaloob ng Diyos. Binigyan niya kami ng kakayahang maging
lingkod ng Bagong Tipan, isang kasunduang hindi ayon sa kautusang nakasulat
kundi ayon sa Espiritu. Sapagkat ang kautusang nakasulat ay nagdudulot ng
kamatayan, ngunit ang Espiritu'y nagbibigay-buhay. Nang ibigay ang Kautusang
nakaukit sa mga tapyas ng bato, nahayag ang kaluwalhatian ng Diyos, kaya nga
hindi matingnan ng mga Israelita ang mukha ni Moises kahit na ang liwanag na

iyon sa mukha niya ay pansamantala lamang. Kung ang paglilingkod na batay sa Kautusang nakaukit sa bato, at nagdadala ng kamatayan, ay dumating na may kalakip na gayong kaluwalhatian, gaano pa kaya ang kaluwalhatian ng paglilingkod ayon sa Espiritu? Kung may kaluwalhatian ang paglilingkod na nagdudulot ng hatol na kamatayan, lalo pang maluwalhati ang pangangasiwa na nagdudulot ng pagpapawalang-sala. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 33:2-3; Ps 87:2

BENEDICAM Dóminum in omni témpore: semper laus eius in ore meo.

V. In Dómino laudábitur ánima mea: áudiant mansuétí, et læténtur.

Allelúia, allelúia. **V.** Dómine, Deus salútis meæ, in die clamávi et nocte coram te. **Alleluia.**

PUPURIHIN ko ang Poon sa lahat ng panahon: laging nasa labi ko ang pagpupuri sa kaniya.

V. Sa Poon nagagalak ang aking kaluluwa: maririnig ito ng mabababa ang loob, at magagalak.

Aleluya, aleluya! **V.** Poong Diyos kong manliligtas, sa maghapo'y nanaghoy ako, habang sa gabi nama'y tumatawag ako sa Iyong harapan. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 10:23-37

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOHON IYON: Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga alagad: "Pinagpala kayo sapagkat nakita ninyo ang mga nakikita ninyo ngayon. Sinasabi ko sa inyo, maraming propeta at mga hari ang naghangad na makita ang inyong nakikita at marinig ang inyong naririnig, subalit hindi nila ito nakita ni narinig." Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" tanong niya. Sumagot si Jesus, "Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?" Sumagot ang lalaki, "*Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo;* at *Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.*" Sabi ni Jesus, "Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan." Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, "Sino naman ang aking kapwa?" Sumagot si Jesus, "May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na. Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang

taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa kanyang paglakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nang makita niya ang biktima, siya'y naawa. Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung higit pa riyang ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.'" At nagtanong si Jesus, "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?" "Ang taong tumulong sa kanya," tugon ng dalubhasa sa kautusan. Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon, humayo ka at ganoon din ang gawin mo." — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ex 32:11-14

PRECATUS est Moyses in conspéctu Dómini, Dei sui, et dixit: Quare, Dómine, irásceris in pópulo tuo? Parce iræ ánimæ tuæ: meménto Abraham, Isaac et Iacob, quibus iurásti dare terram fluéntem lac et mel. Et placátus factus est Dóminus de malignitáte, quam dixit fácere pópulo suo.

NAGSUMAMO si Moises sa Panginoon niyang Diyos, at sinabi, "Panginoon, bakit ang iyong poot ay pinag-aalab mo laban sa iyong bayan? Alalahanin mo si Abraham, si Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod. Sa kanila ay nangako ka at sinabi mo sa kanilang ibibigay ang lupaing umaagos ang gatas at pulot." At nagbago ang isip ng Panginoon sa masama na kanyang sinabing gagawin niya sa kanyang bayan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HOSTIAS, quæsumus, Dómine, propítius inténde, quas sacris altáribus exhibémus: ut, nobis indulgéntiam largiéndo, tuo nómini dent honórem. Per Dóminum.

TUNGHAYAN mong maawain, Panginoon, ang mga alay naming sa dambana Mo'y nakahain, upang sa pagbibigay Mo ng kapatawaran sa amin, ang mga hain na ito nama'y makapagdulot ng karangalan sa Iyong Ngalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...